Mensahe ng Konseho Oktubre 2025

Alam ba ninyong may ilang life insurance policy na may kasamang mga living benefit?

Mayroon ba ang sa inyo?

May ilang partikular na policy na nag-o-offer ng mga benepisyo sa lifetime ninyo – tinatawag itong mga “living benefit.”

Ang isa sa mga benefit na ito ay ang cash value ng whole life insurance policy, na posibleng lumago nang hindi binubuwisan. Puwede ninyo itong i-access sa inyong lifetime sa pamamagitan ng partial loan o full surrender ng policy, o bilang collateral. Magagamit ninyo ito para makatulong sa down payment, matrikula, para madagdagan ang inyong kita sa retirement, o kapag may emergency.

Pangalawa, ang mga living benefit rider, na puwede ninyong idagdag sa isang whole life policy, ay makakatulong na gawing available ang mga pondo para sa inyo kung mada-diagnose kayo ng chronic o terminal na sakit.

Walang may gusto ng malubhang diagnosis, pero kung mangyayari ito, magagamit ninyo agad ang inyong whole life insurance policy — habang kailangan ninyo ito at ng inyong pamilya.

Ang isa sa mga rider na iyon ay ang bagong Chronic Illness Armor rider, na makakatulong na maprotektahan ang inyong pamilya mula sa pinansyal na hamong dulot ng isang chronic na diagnosis sa kalusugan. Sa abot-kayang premium, bibigyang-daan kayo ng rider na ito na ma-access ang death benefit ng inyong policy para masagot ang mga bayad sa mortgage, mga medikal na bill, o anupamang gastusin na dulot ng chronic na karamdaman. Walang paghihigpit sa kung saan ninyo puwedeng magamit ang mga pinabilis na benefit!

Pabibilisin din ng Terminal Illness Rider ang inyong death benefit at makakatulong ito sa pagbibigay ng pondo kung mada-diagnose kayo ng terminal na sakit na magpapaikli ng inyong buhay. Gaya ng Chronic Illness Armor rider, puwedeng magamit ang benefit na ito para masagot ang anumang gastos, mula biyahe ng pamilya hanggang mga gastusin sa pagkamatay.

Sa madaling salita, makakatulong ang life insurance na may mga living benefit rider na makapaghanda ang inyong pamilya hindi lang para sa hindi inaasahang pagkamatay, kundi pati na rin sa malubhang karamdaman sa paraang puwede ninyong magamit ang inyong mga benefit sa lifetime ninyo. Nakakatakot ito kung iisipin, pero kung mangyayari nga ito, posible ang pinansyal na tulong.

Mag-set up ng oras para makipagkita sa akin, at gagawa tayo ng naka-personalize na insurance plan na tugma sa inyong mga pangangailangan. Salamat!

Dahan-dahan ang paglago ng cash value at posibleng matagal itong maipon. Babawasan ng mga loan at withdrawal ang cash value at death benefit ng policy, puwede itong magresulta sa taxable event, at puwedeng maging dahilan para mag-lapse ang policy kung hindi maaasikaso nang tama. Nakakaipon ng interes ang mga policy loan. Available lang ang mga rider na ito sa panahon ng pag-issue sa life insurance policy.

Nagbibigay ang Chronic Illness Rider at ang Terminal Illness Rider ng mga life insurance benefit na nagbibigay sa mga policyholder ng opsyong pabilisin ang ilan o ang lahat ng death benefit kung sakaling matutugunan nila ang mga pamantayan para sa isang kuwalipikadong event na nakalarawan sa certificate. Dapat ma-recertify ang chronic na karamdaman kada 12 buwan ng isang medikal na propesyonal para patuloy na makatanggap ng mga benepisyo. Ang chronic illness armor rider at ang terminal illness rider ay hindi long-term care insurance at hindi pamalit ang mga ito sa long-term care coverage. Awtomatikong idaragdag ang Terminal Illness Rider sa lahat ng permanent policy na lampas $50,000 nang walang dagdag na babayaran. May karagdagang premium para sa Chronic Illness Rider.

20436 10/25